# 10 Araling Panlipunan

## Unang Markahan



PIVOT 4A LEARNER'S MATERIAL

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Ang modyul na ito ay nagtataglay ng mga pangunahing impormasyon at gabay sa pag-unawa ng mga Most Essential Learning Competencies (MELCs). Ang higit na pag-aaral ng mga nilalaman, konsepto at mga kasanayan ay maisasakatuparan sa tulong ng K to 12 Learning Materials at iba pang karagdagang kagamitan tulad ng worksheets/activity sheets na ipagkakaloob ng mga paaralan at/o mga Sangay ng Kagawaran ng Edukasyon. Magagamit din ang iba pang mga paraan ng paghahatid kaalaman tulad ngRadio-based at TV-based Instructions o RBI at TVI).

CLMD CALABARZON

# Araling Panlipunan

## Ikasampung Baitang

**Regional Office Management and Development Team: Job S. Zape, Jr.,** Leonardo C. Cargullo, Romyr L. Lazo, Fe M. Ong-Ongowan, Lhovie A. Cauilan, Ephraim L. Gibas

**Schools Division Office Management Team:** Lorna R. Medrano, Glenda Catadman, Edita T. Olan, Editha Malihan, Indira M. Lobo, Joyda B. Lacorte, Jovel L. Olave, Leah G. Guillang,Joseph Angeles, Mary Grace L. Asa, Asher Pasco, Benelyn C. Delos Reyes, Jael Faith Ledesma, Hiyasmin Capello

**Araling Panlipunan Ikasampung Baitang**
PIVOT 4A Learner's Material
**Unang Markahan**
**Unang Edisyon, 2020**

Inilathala ng: Kagawaran ng Edukasyon Rehiyon IV-A CALABARZON
Patnugot: Wilfredo E. Cabral
Pangalawang Patnugot: Ruth L. Fuentes

# Gabay sa Paggamit ng PIVOT Learners Material

## Para sa Tagapagpadaloy

Ang Modyul na ito ay inihanda upang makatulong sa ating mga mag-aaral na madaling matutunan ang mga aralin sa asignaturang Agham Panlipunan. Ang mga bahaging nakapaloob dito ay sinigurong naayon sa mga ibinigay na layunin.

Hinihiling ang iyong paggabay sa pagbibigay sa ating mga mag-aaral ng tamang paraan ng paggamit nito. Malaki ang iyong maitutulong sa pag-unlad nila sa pag-unawa sa pagpapakita ng kakayahan ng may tiwala sa sarili na kanilang magiging gabay sa mga sumusunod na aralin.

## Para sa Mag-aaral

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi na dapat mong maunawaan. Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

# Mga Bahagi ng PIVOT Modyul

| | Bahagi ng LM | Nilalaman |
|---|---|---|
| **Panimula** | Alamin<br>Suriin | Ang bahaging ito ay naglalahad ng MELC at ninanais na outcome ng pagkatuto para sa araw o lingo, layunin ng aralin, pangunahing nilalaman at mga kaugnay na halimbawa para makita ng mag-aaral ang sariling kaalaman tungkol sa nilalaman at kasanayang kailangan para sa aralin. |
| **Pagpapaunlad** | Subukin<br>Tuklasin<br>Pagyamanin | Ang bahaging ito ay naghahanap ng mga aktibidad, gawain, nilalaman na mahalaga at kawili-wili sa mag-aaral, karamihan sa mga gawain ay umiinog lamang sa mga konseptong magpapaunlad at magpapahusay ng mga kasanayan sa MELC lalo na ang bahaging ito ay nagbibigay ng oras para makita ng mag-aaral ang alam niya, hindi pa niya alam at ano pa ang gusto niyang malaman at matutuhan. |
| **Pakikipagpalihan** | Isagawa<br>Linangin<br>Iangkop | Ang bahaging ito ay may iba't ibang gawain at oportunidad sa pagbuo ng kailangang Knowledge Skills and Attitude (KSA). Pinahihintulutan ng guro ang mga mag-aaral na makisali sa iba't ibang gawain at oportunidad sa pagbuo ng kanilang mga KSA upang makahulugang mapag-ugnay-ugnay ang kanilang mga natutuhan pagkatapos ng mga gawain sa D. Inilalantad ng bahaging ito sa mag-aaral ang totoong sitwasyon/ gawain ng buhay na magpapasidhi ng kaniyang interes upang matugunan ang inaasahan, gawing kasiya-siya ang kanilang pagganap o lumikha ng isang produkto o gawain upang ganap niyang maunawaan ang mga kasanayan at konsepto. |
| **Paglalapat** | Isaisip<br>Tayahin | Ang bahaging ito ay nagtuturo sa mag-aaral ng proseso na maipakikita nila ang mga ideya, interpretasyon, pananaw, o pagpapahalaga at makalikha ng mga piraso ng impormasyon na magiging bahagi ng kanilang kaalaman sa pagbibigay ng repleksiyon, pag-uugnay o paggamit nang epektibong nito sa alinmang sitwasyon o konteksto. Hinihikayat ng bahaging ito ang mga mag-aaral na lumikha ng mga estrukturang konseptuwal na nagbibigay sa kanila ng pagkakataong pagsamahin ang mga bago at lumang natutuhan. |

WEEK 1

# Kahalagahan ng Pagiging Mulat sa Kontemporaryong Isyu

I

Aralin

Ang buong mundo ay nahaharap ngayon sa hindi kapani-paniwalang sitwasyon na maging ang mga mayayamang bansa ay walang kakayahan at kasapatan na harapin ang matinding suliranin. Ang bawat hamon ng kinakaharap ay nangangailangan ng makabuluhan at masusing pagtugon at pagdedesisyon ng mga mamamayan at ng pamahalaan.


Ang araling ito ay tatalakay sa kahalagahan ng pagiging mulat sa kontemporayong isyu. Napakahalaga na pag-aralan natin ito sapagkat nahaharap tayo sa COVID 19 Pandemic at kinakailangang maging handa tayong harapin ang malaking hamong ito sa ating lipunan. Malaki ang maitutulong kung mauunawaan mo na ikaw ay may malaking bahaging gagampanan sa pagkilos at pagtugon sa mga isyu at hamong ito. Hindi lamang ang pamahalaan ang may tungkulin. Bilang isang mamamayan ay kabahagi ka ng lipunang iyong ginagalawan at inaasahang makakatugon sa iba't ibang isyu at hamong panlipunan.

Mahalagang maunawaan mo ang mga kontemporaryong isyu upang aktibong makalahok sa programa at polisiya na tutugon sa mga problema ng bansa. Makakatulong ito sa iyo upang makaganap ng tungkulin at maunawaan ang iba't ibang aspeto ng mga suliranin sa komunidad. Bilang mag-aaral mahahasa ang iyong kakayahan na makalahok at makabuo ng kapakipakinabang na mga desisyon para sa kasalukuyan at para sa hinaharap.

Ang araling ito ay sakop ang kahalagahan ng pagiging mulat sa

Pagmasdan ang mga larawan.





D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1 :** Basahing mabuti ang mga pangungusap. Piliin at isulat ang titik ng pinakawastong sagot.

1. Alin ang pinakawastong kahulugan ng kontemporaryong isyu?
   A. Suliraning pangkapaligiran na nakakaapekto sa sanlibutan
   B. Napapanahong isyu na may kinalaman lamang sa pamahalaan
   C. Mga nakalipas na pangyayari na lubhang nakakaapekto sa pamahalaan
   D. Tumutukoy sa mga napapanahong pangyayari na maaaring gumagambala, nakakaapekto at maaaring makapagpabago sa kalagayan ng tao at sa lipunang kanyang ginagalawan
2. Sa pagsusuri ng mga kontemporaryong isyu alin ang mga dapat na basehan ng mga datos?
   1. Paggamit ng mga primaryang sanggunian upang maunawaan ang mga pangyayari
   2. Anga pagsusuri ng mga paksa na may kaugnayan sa agham panlipunan ay dapat na bias
   3. Ang magsusuri ng mga isyu ay nararapat na sumunod sa mga kasanayang kinakailangan sa pag-aaral
   4. Ang basihan ng mananaiksik sa pagbibigay ng konklusyon ay mula sa impormasyong sinuri at pinag-aralan.

   A. 1,2,3,4 B. 2,3,4 C. 1,3,4 D. 1,2,3
3. Sa pag-aaral ng kontemporaryong isyu ang pinanggagalingan ng impormasyon ay ang mga orihinal na tala ng mga pangyayaring isinulat upang makakuha ng datos na kinakailangan sa pagtugon sa mga suliraning palipunan. Saang kasanayan ng pag-aaral ng kontemporaryong isyu ito kabilang?
   A. Pagtukoy sa Pagkiling
   B. Pagtukoy sa Katotohanan
   C. Pagkuha ng Mahahalagang Datos
   D. Pagkilala sa Primarya at Sekundaryang Sanggunian
4. Ang mga sumusunod ay katangian ng kontemporaryong isyu maliban sa isa, alin ito?
   A. Makabuluhan C. may kaugnayan sa iilan
   B. Pangkalusugan D. malawakang benipesyo
5. Bakit kailangan tayong maging mulat sa mga kontemporaryong isyu.
   A. Upang mapaunlad ang ating bansa
   B. Upang mapalago ang ekonomiya ng bansa
   C. Upang mapataas ang produksiyon ng bansa
   D. Upang malinaw na makapagpasya sa mga mahahalagang kaganapan sa bansa

**Kahulugan ng Kontemporaryong Isyu**

Ang salitang **"kontemporaryo**" ay nangangahulugan ng mga pagyayari sa daigdig mula sa ika-20 dantaon hanggang sa kasalukuyang panahon na naka-kaapekto sa ating kasalukuyang henerasyon. Samantalang ang "**isyu"** ay nangan-gahulugang mga paksa, tema, pangyayri, usapin o suliraning nakakaapekto sa tao at sa lipunan.

Samakatuwid ang **kontemporaryong isyu** ay tumutukoy sa mga na-papanahong pangyayari na maaaring gumagambala, nakakaapekto at maaaring makapagpabago sa kalagayan ng tao at sa lipunang kanyang ginagalawan. Ang bawat kontemporaryong isyu ay itinuturing na suliranin na nangangailangan ng pansin upang mabawasan kungdi man mawala ang maaaring negatibong epekto nito sa tao.

*Mula sa Kayamanan (Kontemporaryong Isyu) 2017*

## Mga Kasanayang Kailangan sa Pag-aaral ng Kotemporaryong Isyu

Sa pag-aanalisa ng isang isyu, mahalaga na malaman muna ang ugat nito. Kailan paano nagsimula at saan galing ang sinusuring isyu upang matiyak kung hindi ito kathang-isip lamang. Kailangang masusing suriin ang kahalagahan nito sa ating kapaligiran, ekonomiya, politika at lipunan upang mapag-aralan.

Sa pag-aaral ng kontemporaryong isyu kailangan ang mga kasanayan sa:

1. Pagkilala sa Primarya at Sekundaryang Sanggunian

Ang **primaryang sanggunian** o ang pinanggagalingan ng impormasyon ay ang mga orihinal na tala ng mga pangyayaring isinulat o ginawa ng mga taong nakaranas ng mga ito. Halimbawa ng mga ito ay ang mga sariling talaarawan, dokumento, larawan, pahayagan, talambuhay, talumpati, sulat at guhit.

Ang **sekundaryang sanggunian** ay ang mga detalye at interpretasyon batay sa primaryang pinagkunan. Kinabibilangan ito ng mga aklat, komentaryo, encyclopedias at political cartoons.

2. Pagtukoy sa Katotohanan at Opinyon

Ang **katotohanan** ay ang totoong pahayag o pangyayari na pinatutunayan sa tulong ng mga aktwal na datos. May mga ebidensyang nagpapatunay na totoo ang mga pangyayari.

Ang **opinion** (kuro-kuro, palagay o haka-haka) ay nagpapahiwatig ng saloobin at kaisipan ng tao tungkol sa inilalahad na larawan.

3. Pagtukoy sa Pagkiling (Bias)

Ang pag-aanalisa ng mga impormasyon na may kaugnayan sa agham panlipunan ay kinakailangang walang kinikilingan.

4. Pagbuo ng paghihinuha, paglalahat at kongklusyon

Ang **hinuha** (inferences) ay isang pinag-isipang hula o **educated guess** tungkol sa isang bagay para makabuo ng isang konklusyon. Kailangang gamitin ang kaalaman at mga karanasan tungkol sa paksa upang matuklasan ang nakatagong mensahe.

Ang **paglalahat** (generalization) ay ang proseso kung saan binubuo ang mga ugnayan bago makagawa ng kongklusyon.

Ang **konklusyon** ay ang desisyon, kaalaman o ideyang nabuo pagkatapos ng pag-aaral, obserbasyon at pagsusuri ng pagkakaugnay ng mga mahahalagang ebidensya o kaalaman.

## Kahalagahan ng Pag-aaral ng mga Kontemporaryong Isyu

Ang mahalagang aral na natutuhan ng mga Pilipino sa paglaganap ng Covid 19 ay ang katotohanang na ang bawat isa na nilalang sa mundo ay dapat na maging mulat at magmalasakit sa kung ano ang nangyayari sa kanyang palig-id. Ang katotohanan na ang lahat ng mamamayan ng mga bansa ay konektado sa isa't isa kaya nga marapat na may kaalaman tayong lahat sa kontemporaryong isyu, sabi nga para maka *survive*.

Napakahalaga ng pag-aaral ng mga kontemporaryong isyu. Narito ang ilan:

1. Paggamit ng malinaw at makabuluhan na kaalaman tungkol sa mahahalagang kaganapan na nakakaimpluwensiya sa mga tao, pamayanan, bansa at mundo.

1. Pagsusuri at pagtaya ng mga ugnayan ng sanhi at epekto ng mga pangyayari
2. Paggamit ng mga kagamitang teknolohikal at iba't ibang sanggunian para makakalap ng mga impormasyon.
3. Paggamit ng mga pamamaraang estadistika sa pagsuri ng kwantitatibong datos tungkol sa mga pangyayari sa lipunan.
4. Mapanuring pag-iisip, matalinong pagpapasya, mabisang komunikasyon, pagkamalikhain at pagpapalawak ng pandaigdigang pananaw.

## E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Gumuhit ka ng isang simbolo na nagpapakita ng iyong pakahulugan sa kontemporaryong isyu. Ipaliwanag ang iyong sagot. Gawin ito sa inyong sagutang papel.

34,474 indibidwal sa Pilipinas, nagpositibo sa COVID-19, bilang ng gumaling, 4,637, bilang ng namatay, 1,011

5 pulis excort ni Mayor Zamora ng San Jun City sinibak sa pwesto

28 sa 32 health worker na nasawi sa dulot ng Covid-19 natanggap na ang tig-iisang milyong benipesyo

Oil price hike: gasoline-P1.75/L; diesel-P1.10/L; kerosene-P1/L

Sa mga balita na nasa itaas pumili ka ng balita na maituturing na pinakamahalagang isyu at suliraning panlipunan, ilagay ito sa iginuhit na simbolo.

Gamit ang mga kasanayan sa pagbuo ng hinuha at paglalahat.

Gumawa ka ng isang facebook post na nagsasaad ng kahalagahan ng pagkakaroon ng kaalaman sa napapanahong isyu ng bansa. Ibahagi kung anu-anong mga aktibiti ang iyong ginagawa na nagpapatunay na may pakialam ka sa nagaganap sa kasalukuyan. (malaya ka na maglagay ng sariling disenyo sa papel) (Ito ay para sa mga mag-aaral na may internet access).

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Lagyan ng (/) kung ang mga pahayag sa ibaba ay mga isyu na binibigyang pansin at pagpahalaga ng Pangulo ng Republika ng Pilipinas at X kung hindi mahalagang isyu. Gawin ito sa inyong sagutang papel.

_____ 1. Matinding trapik na nararanasan sa iba't ibang lugar.
_____ 2. Pagpapalakas *ng Health System* ng bansa
_____ 3. Pagpapataas ng kalidad ng edukasyon
_____ 4. Pagresolba sa isyu sa droga
_____ 5. Kahirapan
_____ 6. Kontraktwalisasyon


_____ 7. Sigalot ng pamilya
_____ 8. Early marriage ng mga babae 21 gulang pababa
_____ 9. Pagtaas ng kriminalidad
_____ 10. Paglala ng polusyon sa bansa

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Tukuyin ang uri ng pahayag na ipinakikita ng bawat sitwasyon. Piliin sa ibaba ang salita na angkop sa bawat pahayag. Gawin ito sa inyong sagutang papel.

_______1. Marami ang naging biktima ng Corona Virus sa buong mundo.
_______2. Hindi sana marami ang maaapektuhan ng Covid 19 kung isiniwlat kaagad ng bansang China ang *human to human transmition* ng virus na ito.
_______3. Ang pagbabakuna ang kailangan upang mapigilan ang pagkalat ng virus.
_______4. Ang Pamahalaang Duterte ay matapat na nagpapatupad ng mabisang programa para mapigil ang problemang dulot ng epidmya.

Bias hinuha opinion konklusyon katotohanan

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5:** Pagmasdan ang larawan. Ayon sa POPCOM 1 sa 10 babae sa Pilipinas ang maagang nabubuntis (**ABS-CBN News** Posted at Dec 11 2019). Itala sa concept map ang mga isyu at suliraning maiuugnay sa larawan. Gawin ito sa inyong sagutang papel.






Gabay na Tanong

1. Nahirapan ka ba sa pagtukoy ng mga isyu at suliranin kaugnay ng larawan?
2. Sino-sino ang mga kasangkot sa suliraning panlipunan na ito?
3. Anong pinakamabigat na suliranin o isyu ang maiiugnay mo sa iyo bilang isang kabataan?
4. Papaano makakatulong sa iyo ang iyong mga nasuring suliranin kaugnay ng isyu na ito?

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 6:** Bumuo ng talaan ng mga pahayag tungkol sa isyu sa inyong lugar (halimbawa sa basura). Ipakita sa iyong pahayag ang pagkakaiba ng katotohanan, pagkiling, hinuha at paglalahat. Gawin ito sa inyong sagutang papel.

| Isyu | Katotohanan | Pagkiling | Hinuha | Paglalahat |
|---|---|---|---|---|
| 1. | 1. | 1. | 1. | 1. |
| | | | 2. | 2. |
| | | 2. | 3. | 3. |
| | | | | |

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 7:** Nakatira ka isang komunidad na dikit-dikit ang mga bahay at may malaking populasyon ng mga bata at matatanda. Mahigit na sa dalawampu na ang tinamaan ng Covid 19 sa inyong lugar. Bilang mag-aaral na may kaalaman sa instrukturang panlipunan at mulat sa mga isyu at suliraning panlipunan punan mo ang ladder web ng mga hakbang na dapat mong gawin at ng iyong pamilya upang maiwasan ang virus. Ikonsidera mo ang kultura na iyong nakagisnan. Gawin ito sa inyong sagutang papel.




**Gawain sa Pagkatuto Bilang 8:** Pumili ng alin man sa sumusunod na maari mong gawin upang ipahayag ang iyong saloobin at opinion ukol sa kahalagahan ng pag-aaral ng Kontemporaryong isyu. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

*sanaysay
*tula
*orihinal na awitin

Bilang isang mamamayan at mag-aaral nararapat ba na makialam sa paglutas sa mga kontemporaryong isyu na nagaganap sa atin komunidad? Bakit? Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel maaaring lagyan ng disenyo ayon sa iyong nais.

Hindi OO



## A

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 9:** Isulat ang TAMA kung wasto ang isinasaad ng pangungusap at kung ito ay mali, itama ang salitang may salungguhit upang maiwasto ang pahayag. Isulat ang iyong sagot sa patlang. Gawin ito sa inyong sagutang papel.

________ 1. Ang lipunan tumutukoy sa mga napapanahong pangyayari na maaaring gumagambala, nakakaapekto at maaaring makapagpabago sa kalagayan ng tao at sa lipunang kanyang ginagalawan.

________ 2. Ang katotohanan at opinion ang pinanggagalingan ng impormasyon ay ang mga orihinal na tala ng mga pangyayaring isinulat o ginawa ng mga taong nakakaranas ng mga ito.

________ 3. Ang pag-aanalisa ng mga impormasyon na may kaugnayan sa agham panlipunan ay kinakailangang walang kinikilingan.

________ 4. Ang kontemporaryo ay nangangahulugan ng mga paksa, tema, pangyayri, usapin o suliraning nakakaapekto sa tao at sa lipunan.

________ 5. Ang kultura ay naglalarawan sa isang lipunan.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 10:** Basahin at unawain ang mga pahayag. Isulat ang I kung tama ang nilalaman ng una at ikalawang pahayag; S kung tama ang nilalaman ng unang pahayag at mali ang ikalawa; Y kung mali ang nilalaman ng unang pahayag at tama ang ikalawa; U kung mali ang nilalaman ng una at ikalawang pahayag. Gawin ito sa inyong sagutang papel.

______ 1. A. Mahalagang pag-aralan ang mga kontemporaryong isyu sa loob at labas ng ating bansa.
B. Ang mga kontemporaryong isyu ay walang kaugnayan sa mga pangkaraniwang mamamayan.

______ 2. A. Malaki ang papel ng pamayanan sa pagharap sa isyung nagaganap sa loob at labas ng ating bansa.
B. Katuwang dapat ng pamahalaan ang mamamayan sa paghahanap

______ 3. A. Kinakailangan maging mulat ang mga mamamayan sa pagharap sa mga kontemporaryong isyu.
B. Maituturing na isyung panlipunan ang katamaran ng ilang mag-aaral sa kanilang pag-aaral.

______ 4. A. Ang pamahalaan lamang ang inaasahan ng mga mamamayan sa paglutas sa mga isyung panlipunan.
B. Dahil sa magkakawing na ugnayan at tungkulin ng mga tao sa lipunan, makakamit ang kaayusang panlipunan sa pamamagit ang maayos na interaksiyon ng mga mamamayan.

______ 5. A. Ang lipunan ay binubuo ng mga institusyon. Tumutukoy ito sa matatag at organisadong sistema ng ugnayan sa isang lipunan.
B. May mga isyu at hamong panlipuanang umuusbong dahil sa kabiguan ng isang institusyon maipagkaloob ang mga inaasahan mula rito

WEEK 2

# Kasalukuyang Kalagayang Pangkapaligiran ng Pilipinas

I


## Aralin


Sa kasalukuyan maraming kinakaharap ang ating bansa na mga isyu at suliraning panlipunan na lubhang nakakaapekto sa ating pamumuhay, isa na rito ang kalagayang pangkapaligiran ng bansa. Nasasaksihan naman natin na patuloy na nasisira ang likas na yaman ng bansa. Sa araling ito tatalakayin natin ang kalagayan ng ating kapaligiran upang mamulat tayo sa magiging epekto nito sa mamamayan at bansa.

Ang araling ito ay sakop ang kalagayang pangkapaligiran ng Pilipinas.

Sa pagtatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang matatalakay ang kasalukuyang kalagayang pangkapaligiran ng Pilipinas.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Gumawa ka ng isang simbolo at isulat sa loob nito kung ano ang ipinahihiwatig ng larawan. Gawin ito sa inyong sagutang papel.





D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Isulat ang salitang TAMA kung ang impormasyon ay wasto at MALI naman kung di-wasto. Gawin ito sa inyong sagutang papel.

1. Ang suliraning pangkapaligiran ay pangkaraniwang kaugnay ng mga hindi tamang gawain ng mga tao na nagreresulta ng hindi maganda sa kapaligiran.
2. **Deforestation** ang pangunahing dahilan ng mabilis na pagkabuo ng mga kagubatan.
3. Ang *solid management* ay tumutukoy sa basura na nagmumula sa tahanan at komersyal na establisimyento at mga pabrika.
4. Ang patuloy na paglaki ng populasyon at migrasyon ang nagiging dahilan ng pagkakalbo ng mga kagubatan
5. Ang **climate change** ay nakakaapekto at patuloy pang nakakaapekto sa

### Kasalukuyang Kalagayang Pangkapaligiran

Malaki ang suliranin at hamong kinakaharap ng ating bansa dahil sa pang-aabuso at pagpapabaya ng tao sa kalikasan. Ang kapabayaang ito ay nagpapalala sa mga natural na kaganapan tulad ng malalakas na bagyo, pagguho ng lupa at malawakang pagbaha. Ang mamamayan na umaasa sa kalikasan ang naaapektuhan o binabalikan ng kalikasan. Talakayin natin ang suliranin at hamong pangkapalgiran sa Pilipinas.

1. Suliranin sa Solid Waste. Ito ay tumutukoy sa basura na nagmumula sa tahanan at komersyal na establisimyento at mga pabrika.

"Sa 42,000 barangays sa buong bansa, 70 percent ay wala pang material recovery facility. Kaya ang nangyayari, sa mga ilog at daluyan ng tubig itinatapon ang basura, Sa tantiya nila, humigit kumulang 40,000 tonelada ng basura ang nakokolekta sa bansa sa isang buong araw lamang." hinaing ni Eligio Ildefonso, director ng DENR Solid Waste Management unit.

*Ulat ni Raphael Bosano, ABS-CBN News Apr 24 2019 03:40 Pm*

Ayon sa iba pang ulat, ang Pilipinas ang pangtatlo sa mga bansa sa daigdig na nagtatapon ng plastic o basura sa karagatan.

2. Ang likas na yaman ng Pilipinas

A. Kagubatan- mabilis at patuloy na pagliit ng forest cover mula 17 ektarya noong 1934 ay nagging 6.43 milyong ektarya noong 2003.
B. Yamang tubig- pagbaba ng kabuuang timbang ng mga nahuhuling isda sa 3 kilo bawat araw mula sa dating 10 kilo
C. Yamang lupa- pagkasira ng halos 50% ng matabang lupain sa huling sampung taon.

Maraming benepisyo ang makukuha natin mula sa kagubatan subalit noon pang 1500s nagsimula ang deforestration sa Pilipinas. Ang 27 milyong ektarya ng kagubatan ay naging 7.2 milyong ektarya na lamang (2013) ayon sa Philippine Climate Change Commission. Sa ulat ng DENR lumalabas na ang 245 kagubatan ng Pilipinas ang pangalawa sa pinakamaliit sa mga bansa sa Timog silangang Asya.


**Mula sa Learning Material 2017-Araling Panlipunan 10 Kontemporaryong Isyu**

Ayon sa ulat na pinamagatang Status of Philippine Forest (2013) ang illegal logging, migrasyon, mabilis na pagtaas ng populasyon, fuel wood harvesting at illegal na pagmimina ang dahilan ng deforestration ng bansa. Sa 2016 edisyon ng Global Climate Risk Index (Sönke, Eckstein, Dorsch, & Fischer, 2015), naitala ang Pilipinas bilang pang-apat sa sampung bansa na pinakanaapektuhan ng Climate Change. Ito ay dahil mas lumalakas, dumadalas, at nagiging unpredictable ang pagkakaroon ng mga natural na kalamidad tulad ng bagyo, pagbaha, at malalakas na ulan na nararanasan sa Pilipinas dahil sa climate change.

**Mula sa Learning Material 2017 Araling Panlipuanan 10 Kontemporaryong Isyu**

**E**

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Maghanap ng isang balita tungkol sa isa sa mga suliraning pangkapaligiran. Sagutan ang concept map. Gawin ito sa inyong sagutang papel.



1. Ano-ano ang mga gawain ng tao na nagiging dahilan ng suliraning pang-kapaligiran?
2. Mag-ulat ka ng mga nakikita mo sa inyong lugar na pinsalang hatid ng mga mamamayan sa iyong komunidad.
3. Magsaliksik ka ng mga hakbang na ginagawa ng iyong pamayanan upang maibsan ang epektong dulot ng suliraning pangkapaligiran

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Gumawa ka ng isang ilustrasyon o paglalarawan tungkol sa ilog, dagat o gubat. Malapit sa inyong lugar o na daanan habang naglalakbay. Gawin ito sa inyong sagutang papel.

1. Napanatili ba ang kalinisan at magandang anyo ng lugar? Bakit?
2. Kung hindi maganda ang anyo papaano ito mapangangalagaan?

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5:** Nakatira ka sa isang komunidad na dikit-dikit ang mga bahay at may malaking populasyon ng mga bata at matatanda. Ipagpalagay na ikaw ang kapitan ng barangay. Gumawa ka ng isang patalastas upang mapanatiling malinis ang inyong lugar. Gawin ito sa inyong sagutang papel.



**Gawain sa Pagkatuto Bilang 6:** Pumili ng alin man sa sumusunod upang ipahayag ang iyong saloobin at opinion ukol sa kahalagahan ng pagpapanatiling malinis at maayos ang iyong komunidad. Gawin ito sa inyong sagutang papel.

*sanaysay
*tula
*orihinal na awitin

A

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 7:** Kumpletuhin ang pangungusap sa ibaba. Gawin ito sa inyong sagutang papel.

| |
|---|
| Bilang isang mabuting mamamayan pangangalagaan ko ang aking kapaligiran sa pamamagitan ng ___________________. |

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 8 :** Lagyan ng tsek kung tama ang ipinahahayag ng mga pangungusap. Kung mali guhitan ang salita na hindi angkop sa pangungusap. Gawin ito sa inyong sagutang papel.

1. Sa kasalukuyan tumataas ang kabuuang timbang ng mga nahuhuling isda sa 3 kilo bawat araw mula sa dating 10 kilo.
2. Ayon sa ulat, ang Pilipinas ang nangunguna sa mga bansa sa daigdig na nagtatapon ng plastic o basura sa karagatan.
3. Ang maliit na populasyon ng Pilipinas ay contributor ng maruming kapaligiran ng bansa.
4. Noon pa man nagaganap na ang deforestration sa bansa.
5. Maraming gawain ng tao ang nagiging dahilan ng pagkasira ng kapaligiran.

# Paghahandang Nararapat Gawin sa Harap ng Panganib na Dulot ng mga Suliraning Pangkapaligiran

WEEK 3

I

Aralin

Kanino nga ba nakasalalay ang paghahanda para sa mga banta ng iba't ibang hamong pangkapaligiran na ating nararanasan? Ito ba ay tungkulin ng pamahalaan o ng mamamayan? Sa araling ito ay suriin mo kung paano ka makatutulong sa pagharap sa mga suliranin at hamong pangkapaligiran.

Sa pagtatapos ng aralin, ikaw ay inaasahang matutukoy ang mga paghahandang nararapat gawin sa harap ng panganib na dulot ng mga suliraning pangkapaligiran at maipapaliwanag ang pangunahing konsepto ng Disaster Management.

Pamantayang Pangilalaman
Ang mga mag-aaral ay may pang-unawa: sa sanhi at implikasyon ng mga local at pandaigdigang isyung pang-ekonomiya tungo sa pagkamit ng pambansang kaunlaran.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Surin ang lyrics ng awit na Laging Handa. Ito ang opisyan na Deped DRRM jingle. Pagakatapos ay sagutin mo ang mga tanong sa ibaba. Gawin ito sa inyong sagutang papel.

Verse 1
Laging Handa
Laging Handa
Baha, tag-tuyot, sunog, lindol, bagyo
Mga kalamidad na likas sa ating mundo
Napapahamak ang buhay at kabuhayan
Kaya naman kaylangan ngang pag handaan

Pre-chorus
Maging Handa, maging alerto
Tungkulin 'to ng bawat mamamayan, kaya

Chorus
Tara na, kilos na
'Lika na tumulong tayo
Gawin na po ang karapat dapat
Nang maging laging handa
Tara na, kilos na
'lika na tumulong tayo
Gawin na po ang karapat dapat
Nang maging laging handa
Laging handa

Verse 2
Kalamidad ay maaasahang darating
Sa 'di inaasahang oras
Kaya naman hindi na dapat hintayin
Unahan na habang 'di pa natataranta

Pre-chorus
Maging Handa, maging alerto
Tungkulin 'to ng bawat mamamayan, kaya

Chorus
Tara na, kilos na
'Lika na tumulong tayo
Gawin na po ang karapat dapat
Nang maging laging handa
Tara na, kilos na
'Lika na tumulong tayo
Gawin na po ang karapat dapat
Nang maging laging handa

Rap
Suriin mong mabuti ang iyong kapaligiran
Saan kaba nakatira dyan ba ay bumabaha
Tubig, gamot, pag-kain, kumot, pang sindi, first aid kit
Mga gamit panligtas ng buhay dapat mabitbit
At sakaling lumindol at sumabog ang bulkan
Meron bang madadaanan palayo sa kasawian
Panahon ay malupit, at ang hanging hagupit
Mabuti nalang na tayo ay laging nakahanda

Chrous
Tara na, kilos na
'Lika na tumulong tayo
Gawin na po ang karapat dapat
Nang maging laging handa
Tara na, kilos na
'Lika na tumulong tayo
Gawin na po ang karapat dapat
Nang maging laging handa

1.Tungkol saan ang awitt?
2. Ano-anong mga paghahanda ang ginagawa ng inyong pamilya tuwing may kalamidad?
3. Bakit kailangang maging handa sa lahat ng pagakakataon?

D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Isulat ang salitang TAMA kung wasto ang ipinapahayag ng pangungusap at MALI kung di-wasto. Gawin ito sa inyong sagutang papel.

__________1. Ang risk ay tumutukoy sa inaasahang pinsala sa tao, ari-arian, at buhay dulot ng pagtama ng isang kalamidad.
__________2. Ang resilience ay tumutukoy sa tao, lugar, at imprastruktura na may mataas na posibilidad na maapektuhan ng mga hazard.
__________3. Ang vulnerability ay tumutukoy sa kakayahan ng pamayanan na harapin ang mga epekto na dulot ng kalamidad.
__________4. Ang hazard ay tumutukoy sa mga banta na maaaring dulot ng kalikasan o ng gawa ng tao.
__________5. Ang disaster management ay tumutukoy sa iba't ibang gawain na dinisenyo upang mapanatili ang kaayusan sa panahon ng sakuna, kalamidad, at hazard

**Ang Disaster Management**

Kung sakaling magkakaroon ng kalamidad sa inyong lugar, alam mo baiyong gagawin? Kung saang ligtas na lugar ka maaaring lumikas? kung kanino ka hihingi ng tulong? Ang sagot sa mga tanong na ito ay ilan lamang sa mga dapat mong malaman upang maging ligtas ka sa panahon ng kalamidad. Ang pagiging ligtas ng isang komunidad sa mga sakuna ay nakasalalay sa pagkakaroon ng isang mahusay na disaster management. Ayon kay Carter (1992), ito ay isang dinamikong proseso na sumasakop sa sa pamamahala ng pagpaplano, pag-oorganisa, pagtukoy ng mga kasapi, pamumuno at pagkontrol. Kabilang din dito ang iba't ibang organisasyon na dapat magtulungan at magkaisa upang maiwasan, maging handa, makatugon, at makabangon ang isang komunidad mula sa epekto ng sakuna, kalamidad at hazard. Malinaw na sinasabi dito na hindi lamang nakasalalay sa kamay ng pamahalaan ang pagbabalangkas ng disaster management plan. Kabilang din dito ang mga mamamayan at ang pampribado at pampublikong sektor. Ayon naman kina Ondiz at Rodito (2009), ang disaster management ay tumutukoy sa iba't ibang gawain na dinisenyo upang mapanatili ang kaayusan sa panahon ng sakuna, kalamidad, at hazard. Nakapaloob din dito ang mga plano at hakbang na dapat gawin ng mga komunidad upang maiwasan, makaagapay sa mga suliranin at makabangon mula sa epekto ng kalamidad, sakuna at hazard. Kung bibigyang pansin ang dalawang kahulugan, makikitang hindi lamang ang pagtugon matapos ang isang kalamidad ang kinapapalooban ng disaster management, kabilang din dito ang mga gawain upang lubusang makabangon mula sa kalamidad at maibalik ang normal na daloy ng pamumuhay ng mga tao sa isang lugar. Sa pag-aaral ng disaster management, mahalagang alam mo ang pagkakaiba ng mga ginagamit na termino o konsepto. Ang sumusunod na kahulugan ay isinalin sa Filipino mula sa Disaster Risk Management System

Analysis: A guide book nina Baas at mga kasama (2008).



1. Hazard – ito ay tumutukoy sa mga banta na maaaring dulot ng kalikasan o ng gawa ng tao. Kung hindi maiiwasan, maaari itong magdulot ng pinsala sa buhay, ari-arian, at kalikasan.

1.1 Anthropogenic Hazard o Human-Induced Hazard – ito ay tumutukoy sa mga hazard na bunga ng mga gawain ng tao. Ang maitim na usok na ibinubuga ng mga pabrika at mga sasakyan gaya ng ipinakikita sa larawan ay ilan sa mga halimbawa ng anthropogenic hazard.

1.2. Natural Hazard – ito naman ay tumutukoy sa mga hazard na dulot ng kalikasan. Ilan sa halimbawa nito ay ang bagyo, lindol, tsunami, thunderstorms, storm surge, at landslide. Ipinakikita sa kasunod na larawan ang pagbabalita sa pagdating ng isang malakas na bagyo.

2. Disaster – ito ay tumutukoy sa mga pangyayari na nagdudulot ng panganib at pinsala sa tao, kapaligiran, at mga gawaing pang-ekonomiya. Maaaring ang disaster ay natural gaya ng bagyo, lindol, at pagputok ng bulkan o gawa ng tao tulad ng digmaan at polusyon. Ang disaster ay sinasabi ding resulta ng hazard, vulnerability at kawalan ng kapasidad ng isang pamayanan na harapin ang mga hazard.

3. Vulnerability – tumutukoy ang vulnerability sa tao, lugar, at imprastruktura na may mataas na posibilidad na maapektuhan ng mga hazard. Ang pagiging vulnerable ay kadalasang naiimpluwensiyahan ng kalagayang heograpikal at antas ng kabuhayan. Halimbawa, mas vulnerable ang mga bahay na gawa sa hindi matibay na materyales.

4. Resilience–ang pagiging resilient ng isang komunidad ay tumutukoy sa kakayahan ng pamayanan na harapin ang mga epekto na dulot ng kalamidad. Ang pagiging resilient ay maaaring istruktural, ibig sabihin ay isasaayos ang mga tahanan, tulay o gusali upang maging matibay. Maaari ring ito ay makita sa mga mamamayan, halimbawa ang pagkakaroon ng kaalaman tungkol sa hazard ay maaaring makatulong upang sila ay maging ligtas sa panahon ng kalamidad.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Basahin ang sumusunod na situwasiyon. Tukuyin kung anong konsepto na may kaugnayan sa Disaster Risk Reduction and Management ang inilalarawan. Gamiting batayan sa pagsagot ang sumusunod: Gawin ito sa inyong sagutang papel.

| | |
|---|---|
| NH – Natural Hazard | D - Disaster |
| AH – Anthropogenic Hazard | V - Vulnerability |

_____1. Maagang umuwi ng bahay si Jerone mula sa kanilang paaralan dahil sa paparating na malakas na bagyo.

_____2. Nangangamba si Andrei na magkasakit ang kaniyang buntis na asawa at dalawang taong gulang na anak dahil sa maruming tubig baha sa kanilang lugar.

_____3. Isa ang pamilya ni Ernest sa mga nakaligtas mula sa pinsalang dulot ng malakas na lindol na tumama sa kanilang pamayanan.

_____4. Ipinasara ni Sec. Fajardo ang isang establisimyento dahil pinadadaan nito sa ilog ang mga kemikal na kanilang ginagamit sa paggawa ng produkto.

_____5. Nakipagpulong si Mayor Basco sa mga kinatawan ng bawat barangay upang magkaroon sila ng sapat na kaalaman sa panahon ng kalamidad.

**Ang Philippine Disaster Risk Reduction and Management Framework**

Nakabatay ang Philippine Disaster Risk Reduction and Management Act of 2010 sa dalawang pangunahing layunin: (1) Ang hamon na dulot ng mga kalamidad at hazard ay dapat pagplanuhan at hindi lamang haharapin sa panahon ng pagsapit ng iba't ibang kalamidad; at (2) Mahalaga ang bahaging ginagampanan ng pamahalaan upang mabawasan ang pinsala at panganib na dulot ng iba't ibang kalamidad at hazard. Ang mga nabanggit na layunin ay kasama sa mga naging batayan sa pagbuo ng Philippine Disaster Risk Reduction and Management Framework (PDRRMF).

Binibigyang diin ng National Disaster Risk Reduction Framework ang pagiging handa ng bansa at mga komunidad sa panahon ng mga kalamidad at hazard. Sa pamamagitan nito, ang pinsala sa buhay at ari-arian ay maaaring mapababa o maiwasan.

Isinusulong din ng PDRRM Framework ang kaisipan na ang paglutas sa mga suliranin at hamong pangkapaligiran ay hindi lamang tungkulin ng ating pamahalaan. Ang proseso sa pagbuo ng isang disaster management plan ay dapat na produkto ng pagkakaisa at pagtutulungan ng iba't ibang sektor ng lipunan tulad ng pamahalaan, private sector, business sector, Non-governmental Organizations (NGOs), at higit sa lahat ng mga mamamayang naninirahan sa isang partikular na komunidad. Ang ganitong proseso ay tinatawag na Community Based-Disaster and Risk Management (CBDRM).

Sa kasalukuyan, isinusulong rin ng NDRRMC ang Community Based- Disaster and Risk Management Approach sa pagbuo ng mga plano at polisiya sa pagharap sa mga suliranin at hamong pangkapaligiran.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4 :** Basahin ang magkatapat na pahayag. Lagyan ng plus sign (+) ang maliit na kahon na katabi nito kung ang salita ay naayon sa National Disaster Risk Reduction and Management Framework. Ilagay naman ang minus sign (-) kung wala. Gawin ito sa inyong sagutang papel.

| | | | |
|---|---|---|---|
| | Pagpaplano sa pagharap sa kalamidad | Pagharap sa kalamidad sa tuwing mararanasan ito | |
| | Tungkulin ng pamahalaan ang Disaster Management | Tungkulin ng lahat ang paglutas sa Suliraning Pangkapaligiran | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | Dapat na kasama ang NGOs sa pagbuo ng Disaster Management Plan | Ang mga NGOs ang siyang mamumuno sa pagbuo ng Disaster Management Plan | |
| | Hinihingi ang tulong ng lahat ng sektor ng lipunan sa pagbuo ng Disaster Management Plan | Sa pamahalaan nakasalalay ang lahat ng tungkulin upang maging disaster-resilient ang buong bansa | |

# E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5**: Magsagawa ng case study tungkol sa sanhi at epekto ng mga suliraning pangkapaligiran at kalamidad na nararanasan sa sariling pamayanan. Sundin ang mga sumusunod na hakbang: Gawin ito sa inyong sagutang papel.

1. Magmasid nang mabuti sa sariling pamayanan at gumawa ng listahan ng mga gawaing nagdudulot ng pagkasira ng kalikasan at mga kalamidad na nagaganap sa iyong pamayanan,

2. Mula sa listahan, pumili ng tatlong gawain na sa tingin mo'y karapat-dapat bigyan ng agarang atensiyon at solusyon maging paghahanda sa kalamidad

3. Suriin nang mabuti ang epekto ng bawat gawain sa iyong pamayanan.

4. Magbigay ng personal na tugon sa bawat gawain.

5. Gamitin ang *format* sa ibaba para sa iyong output. Punuin ang talahanayan sa ibaba ng hinihinging impormasyon, isa sa bawat gawain.

6. Ilagay sa portfolio ang iyong output.

| Gawain: |
|---|

| Epekto sa Bansa: |
|---|

| Aspektong Panlipunan | Aspektong Pampulitika | Aspektong Pangkabuhayan |
|---|---|---|
| | | |

| Personal na Tugon sa Problema: |
|---|

**Rubrik sa Pagmamarka ng Gawain**

| Pamantayan | Deskripsiyon | Puntos |
|---|---|---|
| Nilalaman | Wasto ang nilalaman. Gumamit ng na-papanahong datos. Nailahad ang hinihingi ng case study | 10 |
| Pagsusuri | Naipahayag ang pagsusuri sa dahilan kung bakit patuloy na nararanasan ang mga suliraning pangkapaligiran gamit ang napapanahong datos | 10 |
| Presentasyon | Malikhain at organisado ang paglalahad ng ideya | 5 |
| | Kabuuan | 25 puntos |

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 6:** Gumawa ng slogan na naglalayong matugunan ang suliraning pangkapaligiran at paghahanda sa kalamida. Gagamitin ang rubric sa baba bilang gabay. Gawin ito sa inyong sagutang papel.

**Rubrik sa Pagmamarka ng Gawain**

| **Pamantayan** | **Deskripsiyon** | **Puntos** | **Nakuhang Puntos** |
|---|---|---|---|
| **Nilalaman** | Ang ginawang *simbolo* ay mabisang nakapanghihikayat sa mga makababasa nito. | 20 | |
| **Pagkamalik hain** | Ang paggamit ng mga simbolo ay angkop at akma sa mga disenyo at biswal na presentasyon upang maging mas maganda ang pagpapahayag ng saloobin at pananaw ukol sa paksa. | 15 | |
| **Kaangkupan sa tema** | Angkop sa tema ang ginawang simbolo. | 10 | |
| **Kalinisan** | Malinis ang pagkakagawa ng simbolo. | 5 | |
| **KABUUANG PUNTOS** | | | |

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 7:** Punan ang kahon ng isang isyu o suliraning pangkapaligiran na nararanasan sa kasalukuyan at isulat ang iyong bahagi sa pagkakaroon at pagtugon sa isyu sa pamamagitan ng pagkompleto sa nilalaman ng pangungusap. Gawin ito sa inyong sagutang papel.

| Isyu/ Suliraning Pangkapaligiran |
| --- |

Ang aking bahagi sa pagkakaroon ng ganitong isyu/suliraning pangkapaligiran ay ____________________________________________________

Ang aking bahagi sa pagtugon sa ganitong isyu/suliraning pangkapligiran ay____________________________________________________________________

Pamprosesong mgaTanong:

1. Ano ang aral na iyong nakuha mula sa paggawa ng gawain? Ipaliwanag.

2. Bilang bahagi ng lipunan, anong papel ang iyong magagawa sa pagtugon sa mga isyu o suliraning pangkapaligiran ang nararanasan sa kasalukuyan? Ipaliwanag.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 8:** Pumili ng isang suliraning pangkapaligiran. Gumawa ng environmental issue map sa pamamagitan ng paggawa sa sumusunod: Gawin ito sa inyong sagutang papel.

a. sanhi – suriin kung ito ba ay gawa ng tao o natural na pangyayari

b. epekto – suriin ang epekto sa iba't ibang aspekto ng pamumuhay

c. kaugnayan – suriin ang kaugnayan nito sa mga suliraning nararanasan sa iba pang likas na yaman

d. tunguhin – suriin ang maaaring maging epekto kung magpapatuloy ang nararanasang suliraning pangkapaligiran

Sanhi Epekto:
Kaugnayan :
Tunguhin :
Environmental issue map: ______
Paliwanag:

Pamprosesong mga Tanong:

1. Ano ang kongklusyon na iyong mabubuo tungkol sa epekto ng mga suliraning pangkapaligiran?

2. Ang suliraning pangkapaligiran ba na ating nararanasan ay may kaugnayan sa isa't isa? Patunayan.

3. Kung magpapatuloy ang mga suliranin at hamong pangkapaligiran na ito, sino ang pangunahing maapektuhan? Bakit?

4. Paano mabisang masosolusyunan ang mga nabanggit na suliranin at hamong pangkapaligiran?

Ang patuloy na pagtaas ng konsentrasyon ng greenhouse gases sa atmospera ang pangunahing dahilan ng patuloy na pagtaas ng temperatura ng mundo. Malaki ang kontribusyon ng tao sa patuloy na pagtaas ng temperatura sa mundo. Ang patuloy na pagbabago ng klima ay direktang nakakaapekto sa ating ekonomiya, pamahalaan at lipunan. Marami ang sanhi ng mga problemang pangkapaligiran. Karaniwang may kaugnayan ito sa kapabayaan ng tao sa paggamit ng kalikasan.

## A

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 9:** Isulat ang salitang TAMA kung wasto ang ipinapahayag ng pangungusap at MALI kung di-wasto. Gawin ito sa inyong sagutang papel.

__________1. Ang disaster management ay tumutukoy sa iba't ibang gawain na dinisenyo upang mapanatili ang kaayusan sa panahon ng sakuna, kalamidad, at hazard

__________2. Ang hazard ay tumutukoy sa mga banta na maaaring dulot ng kalikasan o ng gawa ng tao.

__________3. Ang risk ay tumutukoy sa inaasahang pinsala sa tao, ari-arian, at buhay dulot ng pagtama ng isang kalamidad.

__________4. Ang resilience ay tumutukoy sa tao, lugar, at imprastruktura na may mataas na posibilidad na maapektuhan ng mga hazard.

__________5. Ang vulnerability ay tumutukoy sa kakayahan ng pamayanan na harapin ang mga epekto na dulot ng kalamidad.

# Community-Based Disaster and Risk Management Approach

I

Aralin

Ang Pilipinas ay itinuturing na may mataas na posibilidad na makaranas ng iba't ibang kalamidad at suliraning pangkapaligiran dahil sa lokasyon nito. Kaya napakahalaga na maging handa tayo sa pagharap sa mga hamon at suliraning pangkapaligiran.

Sa araling ito, pagtutuunan ng pansin ang iba't ibang hakbang ng pamahalaan sa pagharap sa mga suliraning pangkapaligiran. Ito ay naglalaman ng mga gawain sa pagkatuto at malinaw na pagtalakay sa mga isyung kinakaharap ng mamamayan at pamahalaan upang mapangalagaan ang kapaligiran. Malilinang ang iyong kakayahan na makalahok at makabuo ng pagkakataon na makatulong sa ikabubuti ng kapaligiran upang magkaroon ng kasiguraduhang na gagamot sa suliranin na kinakaharap ng mundo sa kasalukuyan.

Ang araling ito ay sakop ang **Community-Based Disaster and Risk Management Approach.**

Sa pagtatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang masusuri ang kahalagahan ng Community-Based Disaster Risk Reduction and Management Approach sa pagtugon sa mga hamon at suliraning pangkapaligiran, masusuri ang kahalagahan ng kahandaan, disiplina at kooperasyon sa pagtugon ng mga hamong pangkapaligiran.

**Green jobs' na nakatutulong sa kalikasan, isinusulong ng pamahalaan**

*ABS-CBN News Posted at Feb 10 2019 07:13 PM | Updated as of Feb 11 2019 06:49 AM*

Ayon sa Philippine Green Jobs Act of 2016, ang "green jobs" ay mga trabahong nakatutulong o nagsusulong ng pangangalaga ng kalikasan.

Bukod sa ambag sa pangangalaga sa kalikasan, maituturing lamang na "green job" ang isang trabaho kung sumusunod din ito sa labor standards tulad ng pagbibigay ng tamang sahod at benepisyo, at paniniguro sa kaligtasan ng manggagawa.

Ang mga kompanyang makabubuo ng "green jobs" ay makakakuha ng tax incentive mula sa pamahalaan.

'It would encourage us to push more because right now what we are feeling is... nabe-blame ang produkto," ani Henry Gaw, president ng Polystyrene Packaging Council of the Philippines.

Target ng Climate Change Commission na maumpisahan ngayong taon ang pagbibigay ng incentives sa mga kompanyang makapagbibigay ng mga trabahong pasok sa pagiging "green jobs."

Magsasagawa ang Philippine Statistics Authority ng survey para matukoy kung ano-ano ang maituturing na "green jobs" at maging mas malinaw ang mga patakaran para sa mga kompanyang gustong maging bahagi ng programa.

-- Ulat ni Zen Hernandez, ABS-CBN News

**Gabay na Tanong**

1. Para saan ang mga programa na banggit sa itaas?
2. Mayroon bang ganitong programa ang inyong local na pamahalaan?
3. Papaano makakatulong ang mga ito sa mga mamamayan at kapaligiran?

## D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Basahing mabuti ang bawat pangungusap. Isulat ang tiik ng pinakawastong sagot.** Gawin ito sa inyong sagutang papel.

1. Isang pamamaraan kung saan ang mga pamayanang may banta ng hazard at kalamidad ay aktibong nakikilahok sa pagtukoy, pagsuri, pagtugon, pagsubaybay, at pagtataya ng mga risk na maaari nilang maranasan. .
   A. CBDRM  C. TOP-DOWN APPROACH
   B. NDRRMC  D. BOTTOM-UP APPROACH

2. Sa dulog na ito ng mga mamamayan ay may kakayahang simulan at panatilihin ang kaunlaran ng kanilang komunidad.
   A. CBDRM  C. TOP-DOWN APPROACH
   B. NDRRMC  D. BOTTOM-UP APPROACH

3. Anong uri ng tulong ang maaaring ipagkaloob ng pamahalaan sa tuwing may suliraning pangkapaligiran?
   A. Pagpapatupad ng programa ng pagpapautang
   B. Ang pamahalaan at ang ahensiya nito ang nagbibigay ng babala hanggang sa pagbibigay ng rehabilitasyonng mga bagay na nasira ng kalamidad.
   C. Pagbibigay ng libreng edukasyon sa mga mag-aaral
   D. Pagbibigay benipesyo sa mga manggagagawa

4. Bakit mahalaga ang pagtutulungan ng pamahalaan at mamamayan sa pagharap sa bawat kalamidad?
   A. Dahil hindi kaya ng pamahalaan lamang na kumilos sa gitna ng panganib ng kalamidad
   B. Dahil magkakaroon ng sistematikong paraan at agarang solusyon ang mga suliranin kung magkasama ang pamahalaan at komunidad
   C. Upang hindi lubos na maapektuhan ang mga mamamayan
   D. Upang agad na makabangon ang ekonomiya ng bansa

5. Papaano nakakatulong ang mga pribado at pandaigdigang samahan sa pagharap sa mga suliraning pangkapaligiran?
   A. Sa pamamagitan ng pagbabayad ng buwis
   B. Sa pamamagitan ngpagpigil sa lahat ng mga kaaway ng pamahalaan
   C. Sa pamamagitan ng pagpapadala ng mga serbisyo medikal at mga pangunahing pangangailangan
   D. Hindi umaasa ang pamahalaan sa tulong ng ibang mamamayan

**Ang Community-Based Disaster and Risk Management Approach**

Ano nga ba ang Community Based-Disaster and Risk Management? Ayon kina Abarquez at Zubair (2004) ang Community-Based Disaster Risk Management ay isang pamamaraan kung saan ang mga pamayanang may banta ng hazard at kalamidad ay aktibong nakikilahok sa pagtukoy, pagsuri, pagtugon, pagsubaybay, at pagtataya ng mga risk na maaari nilang maranasan. Isinasagawa ito upang maging handa ang komunidad at maiwasan ang malawakang pinsala sa buhay at ari-arian. Nangangahulugan ito na ang mga mamamayan ay bahagi ng pagpaplano, pagbuo ng mga desisyon at implementasyon ng mga gawain na may kaugnayan sa disaster risk management. Sa Community-Based Disaster Risk Management Approach, napakahalaga ng partisipasyon ng mga mamamayan na siyang may pinakamataas na posibilidad na makaranas ng mga epekto ng hazard at kalamidad.

Subalit, higit itong magiging matagumpay kung aktibo ring makikilahok ang mga mamamayan na hindi makararanas ng epekto ng mga hazard at kalamidad.

Ayon naman kina Shah at Kenji (2004), ang Community-Based Disaster and Risk Management Approach ay isang proseso ng paghahanda laban sahazard at kalamidad na nakasentro sa kapakanan ng tao. Binibigyan nito ng kapangyarihan ang tao na alamin at suriin ang mga dahilan at epekto ng hazard at kalamidad sa kanilang pamayanan. Bukod dito, mahalaga ring masuri ang mga istrukturang panlipunan, pang-ekonomiya, at pampolitika na maaaring nagpapalubha sa epekto ng hazard at kalamidad. Ang kahulugang ito ng CBDRM Approach ay sang-ayon sa konsepto ng isyu at hamong panlipunan na tinalakay sa unang aralin. Kung iyong matatandaan, sinasabi sa unang aralin na ang mga isyu at hamong panlipunan ay maaaring dulot ng kabiguan ng ilang institusyon na isagawa ang kanilang mga tungkulin. Halimbawa, ang kabiguan ng pamahalaan na magsagawa ng maayos na Disaster Risk Management Plan ay maaaring magpalubha sa epekto ng hazard at kalamidad sa isang pamayanan. Maaari ding dahilan ng kabiguan ng implementasyon ng Disaster Risk Management Plan ang kawalan ng interes ng mga mamamayan na makilahok sa pagpaplano nito. Ito ay sinusugan sa isang ulat ng WHO (1989) tungkol sa CBDRM Approach. Ayon dito, mahalaga ang aktibong pakikilahok ng lahat ng sektor ng pamayanan upang:(1) mabawasan ang epekto ng mga hazard at kalamidad; (2) maligtas ang mas maraming buhay at ari-arian kung ang pamayanan ay may maayos na plano kung paano tutugunan ang kalamidad sa halip na maghintay ng tulong mula sa Pambansang Pamahalaan; at (3) ang iba't ibang suliranin na dulot ng hazard at kalamidad ay mas mabibigyan ng karampatang solusyon kung ang lahat ng sektor ng pamayanan ay may organisadong plano kung ano ang gagawin kapag nakararanas ng kalamidad. Ipinaliwanag din ni Sampath (2001) na kung ang isang komunidad ay hindi handa, maaaring mas maging malubha ang epekto ng hazard at kalamidad. Subalit kung ang bawat mamamayan na naninirahan sa isang pamayanan ay magiging pamilyar sa mga pamamaraan at mga dapat gawin sa panahon ng kalamidad, maaaring mabawasan ang masamang epekto nito.

## Kahalagahan ng CBDRM Approach

Bakit kailangan ang CBDRM Approach sa pagharap sa mga hamon at suliraning pangkapaligiran? Pinakamahalagang layunin ng Philippine National Disaster Risk Reduction and Management Framework (PDRRMF) ay ang pagbuo ng disaster-resilient na mga pamayanan. Ibig sabihin, ang lahat ng mga pagpaplano, pagtataya, at paghahandang nakapaloob sa disaster management plan ay patungo sa pagbuo ng isang pamayanang handa at matatag sa pagharap sa mga hamong pangkapaligiran. Malaki ang posibilidad na maging disaster-resilient ang mga pamayanan kung maayos na maisasagawa ang Community-Based Disaster and Risk Management Approach.

Ang CBDRM Approach ay nakaayon sa konsepto ng bottom-up approach kung saan ay nagsisimula sa mga mamamayan at iba pang sektor ng lipunan ang mga hakbang sa pagtukoy, pag-aanalisa, at paglutas sa mga suliranin at hamong pangkapaligiran na nararanasan sa kanilang pamayanan. Ito ay taliwas sa top-down approach. Ang top-down approach sa disaster management plan ay tumutukoy sa situwasiyon kung saan lahat ng gawain mula sa pagpaplano na dapat gawin hanggang sa pagtugon sa panahon ng kalamidad ay inaasa sa mas nakatataas na tanggapan o ahensya ng pamahalaan. Halimbawa, kung ang isang barangay ay nakaranas ng kalamidad, ito ay aasa lamang sa tugon ng Pambayan o Panlungsod na Pamahalaan. Kung ang buong bayan o lungsod naman ang nakaranas ng kalamidad, ang sistema ng pagtugon ay nakabatay sa prosesong ipatutupad ng lokal na pamahalaan. Ang sistemang ito ng disaster management ay nakatanggap ng mga kritisismo. Binigyang-diin nina Shesh at Zubair (2006) na hindi natutugunan ng top-down approach ang mga pangangailangan ng pamayanan at napababayaan ang mga mamamayang may mataas na posibilidad na makaranas ng malubhang epekto ng kalamidad.

Limitado ang pagbuo sa disaster management plan dahil tanging ang pananaw lamang ng mga namumunoang nabibigyang pansin sa pagbuo ng plano. Tila hindi nabibigyang pansin ng top-down approach ang karanasan, pangangailangan, at pananaw ng mga mamamayan sa isang komunidad. Ito ay sa kabila ng katotohanang ang mga mamamayang ito ang tunay na nakababatid ng maaaring epekto ng isang kalamidad o hazard. Isa pang suliranin ng top-down approach ay may mga pagkakataon nahindi nagkakasundo ang Pambansang Pamahalaan at ng Lokal na Pamahalaan tungkol sa mga hakbang na dapat gawin sa panahon o pagkatapos ng kalamidad kung kaya't nagiging mabagal ang pagtugon sa pangangailangan ng mga mamamayan. Ang situwasiyonna ito ay masasalamin sa sinabi ni Panfilo Lacson, itinalaga bilang Presidential Assistant for Rehabilitation and Recovery, (Gabieta, 2014) kaugnay sa relief operations sa Tacloban City matapos ang bagyong Yolanda. Aniya, "That is why, I am appealing to our local chief executives not to wait for our national government, private sectors. They have to do their work to hasten the rehabilitation effort." Ibig sabihin nakita rin ni Lacson na magiging matagumpay ang rehabilitation efforts kung mayroong aktibong partisipasyon ng mga lokal na pamahalaan at ng mga mamamayan.

Ang kahinaang ito ng top-down approach ang nais bigyang katugunan ng bottom-up approach. Binibigyang pansin dito ang maliliit na detalye na may kaugnayan sa mga hazard, kalamidad, at pangagangilangan ng pamayanan.

Ang pangunahing batayan ng plano ay ang karanasan at pananaw ng mga mamamayang nakatira sa isang disaster-prone area. Sa katunayan ito ang modelong ginamit ni Panfilo Lacson, bilang rehabilitation czar ng mga lugar na nasalanta ng bagyon Yolanda. Para sa kaniya, mas mapapabilis ang pagbangon ng mga lugar na ito kung bottom-up approach sa rehabilitasyon ng lugar. Para sa kaniya, mas makabubuting makipagpulong sa mga mayor ng mga nasalantang bayan at lungsod sa halip na antayin ang post-disaster needs assessment na ipalalabas ng Office of the Civil Defense. Sa ganitong paraan, mas makabubuo ng planong angkop sa pangangailangan ng bawat pamayanan.

**Katangian ng Bottom-up Approach**

* Ang mga mamamayan ay may kakayahang simulan at panatilihin ang kaunlaran ng kanilang komunidad
* Bagama't mahalaga ang tungkulin ng lokal na pamahalaan, pribadong sektor at mga NGOs, nanatiling pangunahing kailangan para sa grassroots development ang pamumuno ng lokal na pamayanan.
* Ang malawak na partisipasyon ng mga mamamayan sa komprehensibong pagpaplano at mga gawain sa pagbuo ng desisyon para matagumpay na bottom-up strategy.
* Ang responsableng paggamit ng mga tulong-pinansyal ay kailangan
* Mahalagang salik sa pagpapatuloy ng matagumpay na bottom-up approach ay ang pagkilala sa mga pamayanan na may maayos na pagpapatupad nito
* Ang responsiblidad sa pagbabago ay nasa kamay ng mga mamamayang naninirahan sa pamayanan.
* Ang iba't ibang grupo sa isang pamayanan ay maaaring may magkakaibang pananaw sa mga banta at vulnerabilities na nararanasan sa kanilang lugar.

Sa pagpaplano ng disaster risk management mahalagang magamit ang kalakasan ng dalawang approach: ang bottom-up at top-down. Mahalagang maisaalang-alang ang pananaw ng mga namumuno sa pamahalaan sa pagbuo ng plano dahil sa kanilang kaalaman sa mga sistemang ipatutupad ng disaster risk management. Hindi rin naman kailangang kalimutan ang pananaw at karanasan ng mga mamamayan sa pagbuo ng disaster risk management. Ang pagsasanib na ito ng dalawang approach ay maaaring magdulot ng holistic na pagtingin sa kalamidad at hazard sa isang komunidad.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Buuin ang konsepto ng sumusunod na pahayag tungkol sa Community-Based Disaster Risk Management Approach sa pamamagitan ng paglalagay ng angkop na salita o parirala. Gawin ito sa inyong sagutang papel.

1. Ang Community-Based Disaster and Risk Management Approach ay tumutukoy sa ____________________________________________.
2. Magiging matagumpay ang CBDRM Approach kung ________________.
3. Magkaugnay ang National Disaster Risk Reduction and Management Framework at ang Community-Based Disaster Risk Management Approach dahil ________________________________________________
4. Ang pinakasentro ng CBDRM Approach ay _________________________.
5. Makatutulong ang CBDRM Approach sa paglutas ng mga suliranin at hamong pangkapaligiran dahil ______________________________.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Punan ng tamang sagot ang KKK chart. Gamiting batayan ang nabuong KKK chart upang sagutin ang kasunod na tanong. Gawin ito sa inyong sagutang papel.

| **TOP DOWN APPROACH** | | **BOTTOM UP APPROACH** |
|---|---|---|
| | **KAHULUGAN** | |
| | **KAHULUGAN** | |
| | **KAHULUGAN** | |

Mas makatutulong sa isang pamayanan ang pagsasanib ng dalawang approach dahil ______________________________________________________________

Pamprosesong mga Tanong:
1. Ano ang kalakasan ng top-down approach ang makatutulong sa maayos na pagbuo ng disaster management plan?
2. Alin sa mga kalakasan ng bottom-up approach ang dapat bigyang-pansin sa proseso ng pagbuo ng disaster management plan?
3. Nararapat bang isang approach ang gamitin sa pagbuo ng disaster management plan? Bakit?

## E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Sumulat ng sanaysay na nagpapaliwanag ng kahalagahan ng pagsasanib ng top-down approach at bottom-up approach sa pagbuo ng disaster management plan. Gamiting batayan ang sumusunod na pamantayan. Gawin ito sa inyong sagutang papel.

| **Rubric sa pagmamarka ng sanaysay** | | | |
|---|---|---|---|
| **Pamantayan** | **Deskripsiyon** | **PUNTOS** | **Nakuhang Puntos** |
| **Pag-unawa** | **Malinaw na nailahad ang kahalagahan ng CBDRM Approach. Nakapagbigay ng mga kongkretong halimbawa upang suportahan ang mga paliwanag.** | **6** | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| Organisasyon | Kumprehensibo at malinaw ang daloy ng ideya. Maayos na naipahayag ang pagka-kaiba at pagkakaugnay ng mga tinalakay na konsepto. | 5 | |
| Nilalaman | Wasto at makatotohanan ang impormasy-on. Nakabatay ang nilalaman sa mga ti-nalakay na paksa. | 5 | |
| Teknikalidad | Sumunod sa mga pamantayan sa pagsulat ng sanaysay tulad ng paggamit ng tamang bantas, kaayusan ng pangungusap, at pagdebelop ng kaisipan. | 4 | |
| | | 20 | |

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5:** Pag-aralan ang larawan. Punan ang tsart ng sagot batay sa iyong natutunan tungkol sa mga hakbang ng pamahalaan sa pagharap sasuliraning pangkapaligiran. Gawin ito sa inyong sagutang papel.



1.

2.



SULIRANING PANGKAPALIGIRAN


3.



| SULIRANING PANGKAPALIGIRAN | SOLUSYON NG PAMAHALAAN |
|---|---|
| | |
| | |
| | |
| | |

*https:/ www.google.com/ search?q=larawan+ng+suliraning+panlipunan*

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 6:** Bumuo ng isang *editorial column*. Ipahayag ang iyong saloobin at opinion tungkol sa nasa ibaba. (pumili ng isa) Gawin ito sa inyong sagutang papel.



*panganib na maaaring idulot ng mga kalamidad

*epekto ng kalamidad

*pagtugon na ginawa ng pamahalaan

## A

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 7:** Kumpletuhin ang pangungusap sa ibaba. Gawin ito sa inyong sagutang papel.



# Mga Hakbang sa Pagbuo ng Community-Based Disaster Risk Reduction (CBDRR)

Aralin

WEEK 5

I


Ang pagiging laging handa sa anumang suliranin o kalamidad ay dapat naisasagawa ng bawat mamamayan upang mabawasan o maiwasan ang anumang epekto ng mga ito sa buhay ng mga mamamayan.

Sa araling ito, pag-aaralan natin ang mga hakbang sa paghahanda upang maging gabay sa anumang hindi inaasahang suliranin o kalamidad. Handa ka na ba? Halina't ating simulan.

Ang araling ito ay sakop ang mga Hakbang sa Pagbuo ng Community-Based Disaster Risk Reduction (CBDRR).

Sa pagtatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang nauunawaan ang mga konsepto na may kaugnayan sa pagsasagawa ng CBDRRM Plan, naipaliliwanag ang mga hakbang sa pagsasagawa ng CBDRRM Plan at naisasagawa ang mga hakbang ng CBDRRM Plan.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Punan ang hinihinging impormasyon ng concept map. Pagkatapos ay sagutin ang mga pamprosesong tanong. Gawin ito sa inyong sagutang papel.




Pamprosesong tanong:

1. Ano-ano ang dapat mong gawin bago ang kalamidad? habang may kalamidad? Pagkatapos ng kalamidad?
2. Bakit mahalagang maging handa tuwing may kalamidad?

D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Hanapin sa Hanay C ang kaalamang tinutukoy sa Hanay B. Isulat ang titik ng tamang sagot sa Hanay A. Gawin ito sa inyong sagutang papel.

| Hanay A | Hanay B | Hanay C |
|---|---|---|
| 1. | 1. Tumutukoy sa pagsusuri sa lawak, sakop, at pinsala na maaaring danasin ng isang lugar kung ito ay mahaharap sa isang sakuna o kalamidad sa isang partikular na panahon. | A. Capacity Assessment |
| 2. | 2. Tinataya ang kahinaan o kakulangan ng isang tahanan o komunidad na harapin o bumangon mula sa pinsalang dulot ng haz-ard. | B. Damage |

| | | |
|---|---|---|
| 3. | 3. Sinusuri ang kapasidad ng komunidad na harapin ang anomang hazard. Mayroon itong tatlong kategorya: ang Pisikal o Materyal, Panlipunan, at Pag-uugali ng mamamayan tungkol sa hazard. | C. Disaster Prevention |
| 4. | 4. Tumutukoy sa pag-iwas sa mga hazard at kalamidad | D. Disaster Response |
| 5. | 5. Tumutukoy sa mga paghahandang ginagawa sa pisikal na kaayuan ng isang komunidad upang ito ay maging matatag sa panahon ng pagtama ng hazard. | E. Hazard Assessment |
| 6. | 6. Tumutukoy sa mga hakbang o dapat gawin bago at sa panahon ng pagtama ng kalamidad, sakuna o hazard. | F. Hazard Mapping |
| 7. | 7. Pagsasaayos ng mga nasirang pasilidad at istruktura at mga naantalang pangunahing serbisyo | G. Loss |
| 8. | 8. Isinasagawa sa pamamagitan ng pagtukoy sa mapa ng mga lugar na maaaring masalanta ng hazard at ang mga elemento tulad ng gusali, taniman, kabahayan na maaaring mapinsala | H. Needs |
| 9. | 9. Tumutukoy sa mga pangunahing pangangailangan ng mga biktima ng kalamidad tulad ng pagkain, tahanan, damit, at gamot | I. Rehabilitation |
| 10. | 10. Tumutukoy sa pansamantalang pagkawala ng serbisyo at pansamantala o pangmatagalang pagkawala ng produksyon. | J. Structural Mitigation |
| | | K. Vulnerability Assessment |

Mga Hakbang sa Pagbuo ng Community-Based Disaster Risk Reduction (CBDRR)

**Unang Yugto: Disaster Prevention and Mitigation**

Sa bahaging ito ng disaster management plan, tinataya ang mga hazard at kakayahan ng pamayanan sa pagharap sa iba't ibang suliraning pangkapaligiran. Mula sa mga impormasyon na nakuha sa pagtataya ay bubuo ng plano upang maging handa ang isang pamayanan sa panahon ng sakuna at kalamidad. Isinasagawa ang Disaster Risk Assessment kung saan nakapaloob dito ang Hazard Assessment, Vulnerability Assessment, at Risk Assessment.Tinataya naman ang kakayahan at kapasidad ng isang komunidad sa pamamagitan ng Capacity Assessment.

Bakit kailangang mauna ang pagsasagawa ng pagtataya sa yugto ng Prevention and Mitigation? Ito ay dahil kailangang maunawaan ng mga babalangkas ng plano kung ano-ano ang mga hazard, mga risk, at sino at ano ang maaaring maapektuhan at masalanta ng kalamidad.

**Hazard Assessment**

Ang Hazard Assessment ay tumutukoy sa pagsusuri sa lawak, sakop, at pinsala na maaaring danasin ng isang lugar kung ito ay mahaharap sa isang sakuna o kalamidad sa isang partikular na panahon.

Sa pamamagitan ng hazard assessment, natutukoy kung ano-ano ang mga hazard na gawa ng kalikasan o gawa ng tao na maaaring maganap sa isang lugar.

Ang dalawang mahalagang proseso sa pagsasagawa ng hazard assessment: ang Hazard Mapping at Historical Profiling/Timeline of Events. Ang Hazard Mapping ay isinasagawa sa pamamagitan ng pagtukoy sa mapa ng mga lugar na maaaring masalanta ng hazard at ang mga elemento tulad ng gusali, taniman, kabahayan na maaaring mapinsala. Sa Historical Profiling/Timeline of Events naman, gumagawa ng historical profile o timeline of events upang makita kung ano-ano ang mga hazard na naranasan sa isang komunidad, gaano kadalas, at kung alin sa mga ito ang pinakamapinsala.

**Vulnerability at Capacity Assessment (VCA)**

Sa pamamagitan ng VCA, masusukat ang kahinaan at kapasidad ng isang komunidad sa pagharap sa iba't ibang hazard na maaaring maranasan sa kanilang lugar. Sa Vulnerability Assessment, tinataya ang kahinaan o kakulangan ng isang tahanan o komunidad na harapin o bumangon mula sa pinsalang dulot ng hazard. Samantala, sa Capacity Assessment naman ay tinataya ang kakayahan ng komunidad na harapin ang iba't ibang uri ng hazard. Ayon kina Anderson at Woodrow (1990) mayroong tatlong kategorya ang Vulnerability: ito ay ang Pisikal o Materyal, Panlipunan, at Pag-uugali tungkol sa hazard.

**Vulnerability Assessment**

Ang pagiging vulnerable ng isang lugar ay nangangahulugang mayroon itong kakulangan sa mga nabanggit na kategorya. Bunga nito, nagiging mas malawak ang pinsala na dulot ng hazard. Halimbawa, kung ang isang komunidad ay walang pakialam sa mga programang pangkaligtasan ng kanilang pamahalaan, hindi nila alam ang kanilang gagawin sa panahon ng sakuna o kalamidad. Ang mga mamamayang ito ay matatawag na vulnerable dahil sila ang mga posibleng maging biktima ng sakuna o kalamidad.

Ayon kina Abarquez at Murshed, (2004), sa pagsasagawa ng Vulnerability Assessment, kailangang suriin ang sumusunod: Elements at risk, People at risk, at Location of people at risk.

**Capacity Assessment**

Sa Capacity Assessment, sinusuri ang kapasidad ng komunidad na harapin ang anomang hazard. Mayroon itong tatlong kategorya: ang Pisikal o Materyal, Panlipunan, at Pag-uugali ng mamamayan tungkol sa hazard. Sa Pisikal o Materyal na aspekto, sinusuri kung ang mga mamamayan ay may kakayahan na muling isaayos ang mga istruktura tulad ng bahay, paaralan, gusaling pampamahalaan, kalsada at iba pa na nasira ng kalamidad. Sa aspektong Panlipunan naman, masasabing may kapasidad ang isang komunidad na harapin ang hazard kung ang mga mamamayan ay may nagtutulungan upang ibangon ang kanilang komunidad mula sa pinsala ng mga sakuna at kung ang pamahalaan ay may epektibong disaster management plan.Samantala, ang mga mamamayan na bukas ang loob na ibahagi ang kanilang oras, lakas, at pagmamay-ari ay nagpapakita na may kapasidad ng komunidad na harapin o kaya ay bumangon mula sa dinanas na sakuna o panganib.

**Risk Assessment**

Kung ang Disaster prevention ay tumutukoy sa pag-iwas sa mga hazard at kalamidad, sinisikap naman ng mga gawain sa disaster mitigation na mabawasan ang malubhang epekto nito sa tao, ari-arian, at kalikasan. Ito ay tumutukoy sa mga hakbang na dapat gawin bago ang pagtama ng sakuna, kalamidad at hazard na may layuning maiwasan o mapigilan ang malawakang pinsala sa tao at kalikasan (Ondiz at Redito, 2009). Dalawan ang uri ng Mitigation, ito ay ang Structural migitation na tumutukoy sa mga paghahandang ginagawa sa pisikal na kaayuan ng isang komunidad upang ito ay maging matatag sa panahon ng pagtama ng hazard.

Ilan sa halimbawa nito ay ang pagpapagawa ng dike upang mapigilan ang baha, paglalagay ng mga sandbags, pagpapatayo ng mga flood gates, pagpapatayo ng earthquake-proof buildings, at pagsisiguro na may fire exitang mga ipinatatayong gusali at Non Structural migitation na tumutukoy naman sa mga ginagawang plano at paghahanda ng pamahalaan upang maging ligtas ang komunidad sa panahon ng pagtama ng hazard. Ilan sa halimbawa nito ay ang pagbuo ng disaster management plan, pagkontrol sa kakapalan ng populasyon, paggawa ng mga ordinansa at batas, information dissemination, at hazard assessment.

**Ikalawang Yugto: Disaster Preparedness**

Ang ikalawang yugto ay tinatawag na Disaster Response. Ito ay tumutukoy sa mga hakbang o dapat gawin bago at sa panahon ng pagtama ng kalamidad, sakuna o hazard. Mahalagang malaman ng mga miyembro ng pamilya, ng mga mamamayan sa komunidad, at maging ng mga kawani ng pamahalaan ang mga dapat gawin sa panahon ng sakuna o kalamidad. Dapat ring maliwanag sa bawat sektor ng lipunan ang kanilang gagawin upang magkaroon ng koordinasyon at maiwasan ang pagkalito at pagkaantala na maaari pang magdulot ng dagdag na pinsala o pagkawala ng buhay.

Layunin ng mga gawaing nakapaloob sa yugtong ito na mapababa ang bilang ng mga maapektuhan, maiwasan ang malawakan at malubhang pagkasira ng mga pisikal na istruktura at maging sa kalikasan, at mapadali ang pag-ahon ng mga mamamayan mula sa dinanas na kalamidad.

Bago tumama at maging sa panahon ng kalamidad, napakahalaga ang pagbibigay ng paalala at babala sa mga mamamayan. Ito ay may tatlong pangunahing layunin:

1. To inform – magbigay kaalaman tungkol sa mga hazard, risk, capability, at pisikal na katangian ng komunidad.
2. To advise – magbigay ng impormasyon tungkol sa mga gawain para sa proteksiyon, paghahanda, at pag-iwas sa mga sakuna, kalamidad, at hazard.
3. to instruct–magbigay ng mga hakbang na dapat gawin, mga ligtas na lugar na dapat puntahan, mga opisyales na dapat hingan ng tullong sa oras ng sakuna, kalamidad, at hazard.

May iba't ibang paraan ang bawat komunidad sa pagbibigay ng paalala o babala. Ito ay pinadadan sa pamamagitan ng barangay assembly, pamamahagi ng flyers, pagdidikit ng poster o billboard, mga patalastas sa telebisyon, radyo, at pahayagan. Lahat ng ito ay ginagawa upang maging mulat at edukado ang mga mamamayan sa uri ng hazard at dapat nilang gawin sa panahon ng pagtama nito.

**Ikatlong Yugto: Disaster Response**

Ang ikatlong yugto ay tinatawag na Disaster Response. Sa pagkakataong ito ay tinataya kung gaano kalawak ang pinsalang dulot ng isang kalamidad. Mahalaga ang impormasyong makukuha mula sa gawaing ito dahil magsisilbi itong batayan upang maging epektibo ang pagtugon sa mga pangangailangan ng isang pamayanan na nakaranas ng kalamidad.

Nakapaloob sa Disaster Response ang tatlong uri ng pagtataya: ang Needs Assessment, Damage Assessment, at Loss Assessment. Ayon kina Abarquez, at Murshed (2004), ang needs ay tumutukoy sa mga pangunahing pangangailangan ng mga biktima ng kalamidad tulad ng pagkain, tahanan, damit, at gamot. Samantala, ang damage ay tumutukoy sa bahagya o pangkalahatang pagkasira ng mga ari-arian dulot ng kalamidad.Ang loss naman ay tumutukoy sa pansamantalang pagkawala ng serbisyo at pansamantala o pangmatagalang pagkawala ng produksyon. Ang damage at loss ay magkaugnay dahil ang loss ay resulta ng mga produkto, serbisyo,

at imprastraktura na nasira. Halimbawa, ang pagbagsak ng tulay ay damage, ang kawalan ng maayos na daloy ng transportasyon ay loss. Ang pagkasira ng mga lupaing-taniman ay damage samantalang ang pagbaba ng produksiyon ng palay ay loss. Isa pa ring halimbawa ay ang pagguho ng ospital dahil sa lindol ay maituturing na damage. Samantala, ang panandaliang pagkaantala ng serbisyong pangkalusugan ay maituturing na loss.

**Ikaapat na Yugto: Disaster Rehabilitation and Recovery**

Tinatawag din ang yugto na ito na Rehabilitation. Sa yugtong ito ang mga hakbang at gawain ay nakatuon sa pagsasaayos ng mga nasirang pasilidad at istruktura at mga naantalang pangunahing serbisyo upang manumbalik sa dating kaayusan at normal na daloy ang pamumuhay ng isang nasalantang komunidad. Halimbawa nito ay ang pagpapanumbalik ng sistema ng komunikasyon at transportasyon, suplay ng tubig at kuryente, pagkukumpuni ng bahay, sapat na suplay ng pagkain, damit, at gamot. Kabilang din dito ang pagbabantay sa presyo ng mga pangunahing bilihin at pagkakaloob ng psychosocial services upang madaling malampasan ng mga biktima ang kanilang dinanas na trahedya.

Noong 2006, ang Inter-Agency Standing Committee (IASC) na binubuo ng iba't ibang NGO, Red Cross at Red Crescent Movement, International Organization for Migration (IOM), World Bank at mga ahensya ng United Nations ay nagpalabas ng Preliminary Guidance Note. Ito ay tungkol sa pagpapakilala ng Cluster Approach na naglalayong mapatatag ang ugnayan ng iba't ibang sektor ng lipunan. Makatutulong ito upang maging mas malawak at ang mabubuong plano at istratehiya at magagamit ng mahusay ang mga pinagkukunang yaman ng isang komunidad. Ginamit na batayan ng National Disaster Coordinating Council (NDCC) ang Cluster Approach sa pagbuo ng sistema para sa pagharap sa mga sakuna, kalamidad, at hazardsa Pilipinas. Noong Mayo 10, 2007, ipinalabas ang NDCC Circular No. 5-2007, ito ay isang direktibo na nagpapatatag sa Cluster Approach sa pagbuo ng mga Disaster Management System sa Pilipinas. Iminumungkahi rin nito na magtalaga ng pinuno ng bawat cluster (Cluster Leads) para sa tatlong antas: nasyunal, rehiyunal, at probinsiyal. Noong taong 2007 rin, sa bisa ng Executive Order No. 01-2007, nabuo ang Ayuda Albay Coordinating Task Force na syang namuno sa pagtugon at rehabilitasyon ng lalawigan matapos ang bagyong Reming. Noong July 2007, sa bisa ng E.O. No. 02-2007, ay binuo naman ang Albay Mabuhay Task Force. Layunin nito na ipatupad ang mas komprehensibong programa para sa pagtugon at rehabilitasyon ng lalawigan sa panahon ng kalamidad.

Isa sa mga pamamaraang ginawa ng pamahalaan upang maipaalam sa mga mamamayan ang konsepto ng DRRM plan ay ang pagtuturo nito sa mga paaralan. Sa bisa ng DepEd Order No. 55 ng taong 2008, binuo ang Disaster Risk Reduction Resource Manual upang magamit sa ng mga konsepto na may kaugnayan sa disaster risk reduction management sa mga pampublikong paaralan.

## E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Gumawa ng hazard assesement map na magpapakita ng iba't ibang hazard sa kanilang lugar. Upang maisagawa ito sundin ang sumusunod na hakbang: Gawin ito sa inyong sagutang papel.

1. Alamin kung anong uri ng hazard ang mayroon sa kanilang lugar
2. Humingi ng kopya ng mapa ng inyong barangay sa kinakuukulan
3. Kung mayroon namang hazard assessment map ang inyong barangay, maaari itong hingin. Mag-ikot sa inyong barangay upang matukoy ito o kaya ay gumawa ng katulad na mapa na nakapokus lamang sa inyong sariling kalye, o kapitbahayan.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Gumawa ng poster ad na nagpapakita ng sumusunod: Gawin ito sa inyong sagutang papel.

1. Impormasyon tungkol sa katangian at kahulugan ng disaster
2. Mga sanhi at epekto nito
3. Mga dapat gawin bago, habang, at pagkatapos ng disaster
4. Mga gamit na dapat ihanda upang maging ligtas kapag naranasan ang disaster.
5. Mga opisyales, kawani ng pamahalaan o NGO na maaaring hingan ng tulong.


**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5:** Magtala ng limang paghahanda na maari mong gawin sa panahon ng sakuna na makakatulong sa isat isa. Gawin ito sa inyong sagutang papel.

Mga paghahandang gagawin
1.______________________________________
2.______________________________________
3.______________________________________
4.______________________________________
5.______________________________________

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 6:** Basahin ang nilalaman ng situwasiyon at isagawa ito. Gawin ito sa inyong sagutang papel.

Ikaw ay pangulo ng isang NGO na kasapi sa pagbuo ng Community- Based Disaster Risk Reduction and Management Plan sa inyong pamayanan. Ang inyong pamayanan ay kalahok sa taunang patimpalak sa paggawa ng CBDRRM plan na inilunsad ng National Disaster Risk Reduction and Management Council. Ikaw ay naatasang gumawa ng Disaster Risk Rreduction and Management Plan na nakabatay sa pangangailangan ng inyong komunidad. Ang mabubuong DRRM plan ay ilalahad sa mga miyembro ng sangguniang pambarangay at mga kinatawan ng NDRRMC. Ito ay bibigyan ng marka batay sa sumusunod na amantayan: Kaangkupan, Nilalaman, Presentasyon, Praktikalidad, at Aspektong Teknikal.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 7:** Kumpletuhin ang pangungusap sa ibaba. Gawin ito sa inyong sagutang papel.



# Susi sa Pagwawasto

Week 1

**Susi sa Pagwawasto 1**
1. D
2. C
3. D
4. C
5. D

**Susi sa Pagwawasto 2**
Ayon sa pagpapasya ng guro.

**Susi sa Pagwawasto 3**
1. /
2. /
3. /
4. /
5. /
6. /
7. X
8. X
9. /
10. X

**Susi sa Pagwawasto 4**
Ayon sa pagpapasya ng guro.

**Susi sa Pagwawasto 5**
Ayon sa pagpapasya ng guro.

**Susi sa Pagwawasto 6**
Ayon sa pagpapasya ng guro.

**Susi sa Pagwawasto 7**
Ayon sa pagpapasya ng guro.

**Susi sa Pagwawasto 8**
Ayon sa pagpapasya ng guro.

**Susi sa Pagwawasto 10**
1. S
2. I
3. S
4. Y
5. 1

**Susi sa Pagwawasto 9**
1. kontemporaryong isyu
2. primaryang sanggu-nian
3. tama
4. isyu
5. tama

Week 2

**Susi sa Pagwawasto 1**
Ayon sa pagpapasya ng guro.

**Susi sa Pagwawasto 2**
1. tama
2. mali
3. mali
4. tama
5. tama

**Susi sa Pagwawasto 3**
Ayon sa pagpapasya ng guro.

**Susi sa Pagwawasto 4**
Ayon sa pagpapasya ng guro.

**Susi sa Pagwawasto 5**
Ayon sa pagpapasya ng guro.

**Susi sa Pagwawasto 6**
Ayon sa pagpapasya ng guro.

**Susi sa Pagwawasto 7**
Ayon sa pagpapasya ng guro.

**Susi sa Pagwawasto 8**
1. tumaas
2. nangunguna
3. maliit
4. /
5. /

Week 3

**Susi sa Pagwawasto 1**
Ayon sa pagpapasya ng guro.

**Susi sa Pagwawasto 2**
1. Tama
2. Mali
3. Mali
4. Tama
5. Tama

**Susi sa Pagwawasto 3**
Ayon sa pagpapasya ng guro.

**Susi sa Pagwawasto 4**
Ayon sa pagpapasya ng guro.

**Susi sa Pagwawasto 5**
Ayon sa pagpapasya ng guro.

**Susi sa Pagwawasto 9**
1. Tama
2. Tama
3. Tama
4. Mali
5. Mali

**Susi sa Pagwawasto 6**
Ayon sa pagpapasya ng guro.

**Susi sa Pagwawasto 8**
Ayon sa pagpapasya ng guro.

**Susi sa Pagwawasto 7**
Ayon sa pagpapasya ng guro.

Week 4

**Susi sa Pagwawasto 1**
1. A
2. D
3. B
4. B
5. C

**Susi sa Pagwawasto 2**
Ayon sa pagpapasya ng guro.

**Susi sa Pagwawasto 3**
Ayon sa pagpapasya ng guro.

**Susi sa Pagwawasto 4**
Ayon sa pagpapasya ng guro.

**Susi sa Pagwawasto 5**
Ayon sa pagpapasya ng guro.

**Susi sa Pagwawasto 6**
Ayon sa pagpapasya ng guro.

**Susi sa Pagwawasto 7**
Ayon sa pagpapasya ng guro.

Week 5

**Susi sa Pagwawasto 1**
Ayon sa pagpapasya ng guro.

**Susi sa Pagwawasto 1**
Ayon sa pagpapasya ng guro.

**Susi sa Pagwawasto 1**
Ayon sa pagpapasya ng guro.

**Susi sa Pagwawasto 1**
Ayon sa pagpapasya ng guro.

**Susi sa Pagwawasto 1**
Ayon sa pagpapasya ng guro.

**Susi sa Pagwawasto 1**
Ayon sa pagpapasya ng guro.

**Susi sa Pagwawasto 1**
Ayon sa pagpapasya ng guro.

## Sanggunian


Learning Material 2017 Araling Panlipunan 10 Kontemporaryong Isyu

Kayamanan: Mga Kontemporaryong Isyu nina Eleanor D. Antonio, Evangeline M. Dallo, Consuelo M. Imperial, Maria Carmelita B. Samson at Celia D. Soriano, Rex Book Store 2017.

Yugto: WorkText sa Kontemporaryong Isyu nina Zenaida E. Espino, Bnilda L. Salenga at Jasmin M. Santingyaman, Dreamworks Publication2018.

Learning Material 2017 Araling Panlipunan 10 Kontemporaryong Isyu

Mga Tala nina Aranza, Jonathan S., Castillo, Christopher C., Monfero, Jerome S.

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education Region 4A CALABARZON

Office Address: Gate 2 Karangalan Village, Cainta Rizal

Landline: 02-8682-5773 local 420/421

Email Address: lrmd.calabarzon@deped.gov.ph

DEPARTMENT OF EDUCATION

KAGAWARAN NG EDUKASYON · REHIYON IV- CALABARZON